

## SUBUKAN MUNANG LUTASIN ANG IYONG ISYU SA ORGANISASYON.

- ✓ Hilingin na makausap ang isang manager
- ✓ Malinaw na ipaliwanag ang isyu
- ✓ Isulat ang mga pangalan ng lahat ng kasangkot
- ✓ Itala ang mga petsa at sagot
- ✓ Maging paulit-ulit, ngunit mahinahon
- ✓ Ingatan ang mga kopya ng lahat ng dokumento
- ✓ Magtanong kung paano umapela/ mga pagrepaso

### Kabilang sa trabaho namin ang:

- magsiyasat sa mga paratang ng maling gawain at paghihiganti na alinsunod sa bagong batas ng BC ukol sa whistleblowing
- maglunsad ng mga konsultasyon ukol sa pagiging patas at mga training para sa public sector organizations

Para sa higit na  
kaalaman, bisitahin ang  
[www.bcombudsperson.ca](http://www.bcombudsperson.ca)



### Mag-email sa amin sa

Complaints: [info@bcombudsperson.ca](mailto:info@bcombudsperson.ca)



### Tawagan kami sa

1-800-567-FAIR (3247) o 250-387-5855



### Bisitahin kami sa

2nd floor - 947 Fort St., Victoria BC



### Sumulat sa

BC Ombudsperson  
PO Box 9039 Stn Prov Govt, Victoria BC V8W 9A5



[www.bcombudsperson.ca](http://www.bcombudsperson.ca)  
@bcombudsperson



## KARAPATAN MO NA MAITRATO NANG PATAS.



## MAYROON KA BANG REKLAMO?

# KAUSAPIN MO KAMI.



**OMBUDSPERSON**  
BRITISH COLUMBIA

## LIBRE. MALAYA. KUMPIDENSYAL. PATAS.

[Filipino]

“Bakit tinanggihan ang aking application?”

“Bakit hindi ako makakuha ng mga benepisyong karapat-dapat sa akin?”

“Bakit hindi ako makakuha ng mga serbisyong kailangan ko?”

“Bakit hindi ipinapatupad ng city ang batas?”

## KARAPATAN MO NA MARINIG KA, IGALANG AT MAITRATO NANG PATAS

### ANO ANG IBIG SABIHIN NG HINDI TINATRATO NANG PATAS?

Ang kahulugan ng hindi tinatrato nang patas ay maaaring magkaiba-iba para sa maraming tao. Narito ang ilang mga reklamo na maaari naming harapin:

- Kung sa tingin mo ay karapat-dapat ka para sa isang benepisyo o serbisyo ngunit hindi ito ibinigay sa iyo
- Matagal kang pinaghihintay upang makuha ang mga sagot na kailangan mo
- Hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon o hindi ito sapat na ipinaliwanag sa iyo
- At iba pa...

### SINO ANG MAAARI MONG IREKLAMO SA AMIN?

Karamihan sa mga panlalawigan o lokal na public sector organizations sa BC kabilang ang:

- Mga panlalawigan na ministro ng pamahalaan
- Mga korporasyon ng Crown (ICBC, BC Hydro, atbp.)
- Mga paaralan at unibersidad
- Mga ospital at awtoridad sa kalusugan
- Mga lokal na pamahalaan at panrehiyong distrito

### SINO ANG HINDI MO MAAARING IREKLAMO SA AMIN?

- Mga pribadong kumpanya
- Pamahalaang pederal
- Pulisya (pederal o munisipalidad)
- Mga First Nations na pamahalaan
- Legislative Assembly
- Mga hukuman

### AT, ANO ANG MGA RESULTA NA MAAASAHAN MO?

- Isang paumanhin
- Isang mas malinaw na paliwanag
- Matanggap ang benepisyo na kailangan mo
- Isang desisyon na muling pagrepaso o pagbago
- Pagsasauli ng mga nagastos
- Pagbago sa isang patakaran o procedure

## OMBUDS-PERSON

ISANG KAKAIBANG SALITA, NGUNIT ISANG MAHALAGANG SERBISYO

Kami ay patas na nagsisiyasat upang matiyak na ang mga panlalawigan at lokal na public sector organizations sa BC ay tinatrato ang mga tao nang patas at sumusunod sa mga panuntunan. Kung hindi ay pananagutan nila ang kanilang mga ginagawa.

### ANG AMING PAMAMARAAN:

Nakikinig kami sa mga reklamo ng publiko

Humahanap kami ng mga patas na solusyon

Sinisiyasat namin ang mga problema

Pinahuhusay namin kung paano pinaglilingkuran ang mga tao

Ang isang reklamo ay maaaring para sa kabutihan ng nakararami